Ang karahasan sa tahanan, pasubok na pagsubaybay, at sekswal na pag-atake ay nangyayari kahit ano ang lahi, edad, kasarian, relihiyon, bansang pinagmulan, at oryentasyong sekswal, at kalagayang panlipunan-pangkabuhayan na nakakaapekto sa milyun-milyong Amerikano bawat taon.

Sa kabutihang-palad, ang mga kalahok sa Safe at Home (Ligtas sa Tahanan) ay makakagamit ng libreng direksiyon ng post office box sa halip ng isang direksiyon ng tahanan upang matulungan silang magpanatili ng pagkapribado kapag tumatanggap ng primera-klaseng koreo, nagbubukas ng kuwenta sa bangko, nagkukumpleto ng pagbabago ng isang kompidensiyal na pangalan, nagpupuno ng mga partikular na dokumento ng pamahalaan, nagpaparehistro upang makaboto, kumukuha ng lisensiya ng drayber, nagpapatala ng anak sa paaralan, at iba pa.

Ikinararangal ko ang pag-akda ng ilan sa mga batas na ginagawa ang Safe at Home na pambansang huwaran para sa mga programang pagiging kompidensiyal ng direksiyon. Bilang isang Kalihim ng Estado, ikinararangal kong ipagpatuloy ang aking matagal nang pagtatalaga ng sarili sa pagprotekta sa mga karapatan ng mga biktimang nararapat sa seguridad at katahimikan ng isip habang muling itinatayo ang kanilang mga buhay.

Umaasa ako na mag-uukol kayo ng panahon upang basahin ang polyetong ito upang malaman kung ang Safe at Home ay maaaring pakinabangan ninyo o ng isang taong kilala ninyo.

Ang bawat taga-California ay dapat makadama ng kaligtasan at maging ligtas sa tahanan.

Debra Bowen

Debra Bowen
Kalihim ng Estado

Secretary of State | California Safe at Home
PO Box 846
Sacramento, CA 95812
www.sos.ca.gov/safeathome | (877) 322-5227 | TTY (916) 651-1304

california safe at home

Ligtas sa Tahanan

Programang Pagiging Kompidensiyal ng Direksiyon

california safe at home

Ano ang Safe at Home?

Ang Safe at Home ay isang programang pagiging kompidensiyal ng direksiyon na pinangangasiwaan ng opisina ng Kalihim ng Estado ng California. Mula noong 1999, ang Safe at Home ay nag-aalay ng kaligtasan at seguridad sa libu-libong babae, lalaki, at bata na tumatakas sa pang-aabuso.

Sa sandaling maging kuwalipikado ka para sa libreng programa, nagtatalaga ang Safe at Home ng isang post office box sa Sacramento na magagamit mo bilang iyong opisyal na direksiyon. Ang mga ahensiya ng estado at lokal na pamahalaan ay inaatasang tanggapin ang direksiyon ng Safe at Home sa iyong kard ng pagkakakilanlan; gayunman, ang mga pribadong entity at ang pederal na pamahalaan ay hindi.

Sino ang makikinabang?

Kung ikaw ay naninirahan sa California at ang iyong direksiyon ay hindi alam ng nang-aabuso o pasubok na sumusubaybay, maaari kang lumahok sa Safe at Home. Ikaw ay dapat na nakaranas ng karahasan sa tahanan, pasubok na pagsubaybay, o sekswal na pag-atake, o isang empleyado, pasyente, o boluntaryo ng reproduktibong pangangalagang pangkalusugan. Ang isang ahensiya ng pagpapatala sa Safe at Home ay nakakatulong na alamin kung ikaw ay kuwalipikado para sa programa.

Anu-anong mga serbisyo ang makukuha?

Kompidensiyal na Pagpapadala ng Sulat

Ang primera-klaseng sulat ay ligtas na hinahawakan sa opisina ng Kalihim ng Estado at dinadala sa iyong kompidensiyal na direksiyon ng tahanan sa California.

Ahente para sa Paghahain ng Proseso

Ang mga sulat na may kaugnayan sa hukuman ay maitatagubilin mo na dalhin sa opisina ng Kalihim ng Estado sa Sacramento at saka ilipat sa pamamagitan ng sertipikadong pagpapakoreo sa iyong kompidensiyal na direksiyon.

Kompidensiyal na Pagbabago ng Pangalan

Ikaw ay karapat-dapat na magpetisyon sa isang hukuman ng California para sa pagbabago ng kompidensiyal na legal na pangalan. Mahalagang makipag-usap sa isang tagapayong pambatas bago ituloy ang pagbabago ng isang kompidensiyal na pangalan.

Kompidensiyal na Pagpaparehistro ng Botante

Magagawa mong bumoto sa pamamagitan ng koreo at protektahan ang iyong rekord bilang botante mula sa mga kampanya, sa media, at sa pangkalahatang publiko sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang kard ng kompidensiyal na pagpaparehistro ng botante.

Pagpipigil ng mga Rekord ng Kagawaran ng mga Sasakyang De-motor (Department of Motor Vehicles, DMV)

Magagawa ng California DMV na pigilin ang mga rekord ng iyong lisensiya ng drayber at pagpaparehistro ng sasakyan kung ikaw ay may malinis na rekord ng pagmamaneho at walang kasaysayan ng krimen.

Pagiging Kompidensiyal para sa mga Bata

Ang Safe at Home ay makapagbibigay din ng karagdagang proteksiyon para sa mga bata. Magagawa mong bigyan ng paunawa ang paaralan ng iyong anak tungkol sa paglahok mo sa Safe at Home at hadlangan ang pagbahagi ng impormasyon tungkol sa iyong anak.

Paano ako magpapatala?

Kung ikaw ay interesado sa paglahok sa Safe at Home, humingi ng appointment sa isa sa 200 itinalagang ahensiya ng pagpapatala sa California. Para sa isang listahan ng mga ahensiya ng pagpapatala sa iyong lugar, pumunta sa *www.sos.ca.gov/safeathome* o tumawag nang walang-bayad sa (877) 322-5227. TTY (916) 651-1304.

Ang mga kinakailangan sa pagpapatala ay depende sa uri ng krimen na naranasan mo. Mangyaring dalhin ang lahat ng mga dokumento na may kaugnayan sa krimen sa iyong appointment sa ahensiya ng pagpapatala. Ang tagapagtaguyod sa ahensiya ng pagpapatala ay magbibigay ng karagdagang paliwanag tungkol sa programang Safe at Home at tutulungan ka sa pagkumpleto ng isang aplikasyon. Kung ang iyong aplikasyon ay aprobahan, tatanggap ka ng isang pakete ng mga materyal na kabilang ang isang sertipiko ng pagpapatala at isang opisyal na kard ng pagkakakilanlan sa Safe at Home para gamitin sa mga transaksiyon sa negosyo at pamahalaan na nangangailangan ng isang pangkoreo o kalyeng direksiyon.

> “Gusto kong pasalamatan ang lahat ng mga kasapi sa natatanging programang ito para sa katahimikan ng isip at kaligtasan na ipinagkaloob sa akin sa nakalipas na higit sa apat na taon.”
>
> — Kalahok sa Safe at Home